

T. Benissan, 5768

Abril 03, 2020

Sanggunian: 173978620

Bilang sagot, mangyaring tukuyin ang aming numero

Paksa: Mga Patnubay para sa mga caregivers sa tahanan ng mga pasyente kasunod ng pag kalat ng Corona {COVID19}

Background:

Dahil sa pagkalat ng sakit sa corona at pagdami ng nahahawahan, Ang mga alagang matatanda ay maaaring sapilitang manatili sa pagkakabuklod na bahay isolation, kung sila ay nasuri na may mga sintomas o may banayad na mga sintomas .

Sa kadahilangang di nila kayang gawin ang mga gawaing pambahay ng nag-iisa, kinakailangan na ipagpatuloy na alagaan sila.

Narito ang mga alituntunin sa trabaho na titiyakin ang kalusugan ng mga alagang matatanda:

1. Mga impormasyon na kailangan para sa pagkakabukod:
Responsibilidad ng direktang tagapamahala na ipaalam sa empleyado ang pangangailangan para sa paghiwalay mula sa isa o higit pa sa mga pasyente o alagang matanda.
2. Mga kagamitan sa proteksyon:
Responsibilidad ng direktang tagapamahala ang magbigay sa empleyado ng personal na kagamitan sa pangangalaga:
 - 2.1 2 Pares ng salamin pang proteksyon na hindi single use: sakaling ito ay nabasag o nasira ang isang pares kailangang palitan ng panibagong pares ipagkakaloob ayun sa pamantayan "Isa para sa Isa".
 - 2.2. 2 Biodegradable na kagamitan sa proteksyon
 - 2.2.1 Mga surgical mask bawat araw para sa taga pag alaga ng mga pasyente o matatanda.
 - 2.2.2 Para sa bawat pagbisita sa bahay ng isang pasyente na nasa hiwalay na tirahan o kinailangang ibukod: Disposable na damit {disposable robe}, Mga guwantes at surgical mask
 - 2.2.3 Disimpektante pangkamay {hand sanitizer}
 - 2.2.4 Mga wipe ng disimpektante { anumang telang pang disimpektante na pambahay ay maari}
3. Pagbisita sa bahay ng pasyente:
 - 3.1 Pasyente na wala sa isolation o pag kakabuklod

3.1.1 Pag pasok sa bahay ng pasyente na walang suot na mask, para makilala ng pasyente ang kanyang tagapag alaga, pagkatapos makilala ang tagapag alaga maari nang magsuot ng mask na cover ang bibig at ilong, Ang may kulay na bahagi sa labas at ang puting bahagi sa loob Ang bahagi ng metal sa itaas ng ilong at higpitan sa paligid ng ilong at iba pang bahagi Ang mas mababang ibaba sa baba. Ang mask na ito ay maaaring magamit ng sa lahat ng mga pasyente na wala sa isolation sa parehong araw. Maaring panatilihin ang mask sa leeg at disimpektahin ang mga kamay bago at pagkatapos ayusin sa ilong pabalik, kailangang palitan kung ito ay basa o marumi.

3.1.2 Siguraduhing mag hugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, o isang alcohol na sanitiko sa kamay habang nag tatrabaho ayun sa pangangailangan kahit na may gamit na guwantes, panatilihang disimpektuhan ang mga kamay bago at pagtapos gumamit ng guwantes.

3.1.3 Ang mga natitirang mga operasyon or gawin ay katulad ng dati.

3.2. Pasyente na nasa isolation dahil sa pagka expose sa corona virus:

3.2.1. Sa pasukan ng bahay sa may labas ng pintuan, kailangang hubaran na ang mga personal na kagamitan: telepono, mga alahas, mga pens, at iba pa, at ilagay sa loob ng bag, sa mga mahahabang buhok kailangang itali ang buhok.

3.2.2. Ang mga kagamitang pangproteksyon at mga sanitizer at antiseptiko na tela dapat ihanda sa isang bag

3.2.3. **Pag protekta or Proteksyon:**

3.2.3.1. **Pagpapakilala:** pagpapakilala sa pintuan na hindi gamit ang mask sa mukha, sa sandaling pumasok na sa bahay ng pasyente, kailangang isuot na kaagad ang mask sa mukha kagaya ng nabanggit sa unang parte ng sulat na ito, magsuot ng damit na single used, salamin proteksyon sa mata, maglagay ng hand sanitizer sa kamay at isuot ang mga malinis na guwantes.

3.2.3.2. **Imbakan ng mga Personal na Kagamitan:** Mga personal na kagamitan ng tagapag alaga caregiver, {tulad ng bag, jacket}, ilagay sa isang malinis na aparador na nasa bahay ng pasyente na malapit sa puntuan, sakaling walang aparador na nakalagay malapit sa pintuan maaring ilagay ang mga gamit sa malinis at saradong bag.

3.2.4. **Pag- alis ng mga Proteksyon:** Pagkatapos magtrabaho, dapat alisin ang mga proteksyon malapit sa may labasan ng pinto, bago umalis mula sa bahay. Pagtanggal ng mga proteksyon alin sa mga alituntunin:

3.2.4.1 Alisin ang mga guwantes na hindi kontaminado ang mga kamay

3.2.4.2. Disimpektahin ang mga kamay

3.2.4.3. Magsuot ng malinis na guwantes

3.2.4.4. Alisin ang mga salamin at disimpektahin na gamit ang antiseptikong tela at ilagay sa isang malinis na bag

3.2.4.5. Alisin ang mga guwantes at disimpektahin ang mga kamay

3.2.4.6. Alisin ang suot na balabal na single used na hindi hinahawakan ang labas nito, na gamit ang isang bag na pambasurahan at itapon

3.2.4.7. alisin ang gamit na mask sa mukha na hindi hinahawakan ang harapan nito at itapon sa basurahan at disimpektahin ang mga kamay, at pagkatapos ay maari nang kunin ang mga personal na kagamitan na nasa loob ng aparador or nasa loob ng bag na sarado

3.2.5. Magdisimpekta ng mga kamay pag kagaling sa labas ng bahay at itapon ang mga kagamitang pag protekta na single used, sa basurahan

3.2.6. Personal na pangangalaga para sa isang tao na nanatili sa isolation sa loob ng bahay:

3.2.6.1. **Pagpapaligo** huwag gamitin ang shower head {shower}, maligo na gamit ang isang sponge na basa at mag buhos ng tubig na gamit ang tabo sa pag babanlaw ng katawan, kung ang isang pasyente at may kakayanan na maligo ng nag – iisa or sa pamamagitan ng pag bibigay ng instruksyon sa pamamagitan ng salita kung ano ang nararadapat gawin sa proseso ng pagliligo sa katawan, ito ay maaring isagawa sa may pasukan at labasan ng paliguan na hindi ang tagapag alaga ang gumagawa ng proseso.

3.2.6.2. **Pag papalit nag Bedding:** maaring ipunin ang mga bed sheets sa banayad na pamamaraan at iwasan ang biglaang pag hablot ng bedsheets, blankets, at mga unan.

3.2.6.3. Pag- hawak ng mga kagamitang gamit sa pagkain {Dinnerware}: kung ang pasyente o alagang matanda ay nakatira ng mag- isa sa bahay, hugasan ang mga pinggan na gamit ang regular na sabon panghugas ng plato at tubig, kung ang alagang pasyente or matanda ay naninirahan kasama ng mga pamilya banlawan ang mga plato, tinidor, kutsara na gamit ang makinang pang –hugas {dishwasher} sa temperature na 65 degree, or maaring ibabad mga gamit sa pamamaraang paggamit ng solusyon 40 cc sa isang litro ng tubig sa loob ng isang minuto

3.2.6.4. **Pangangalaga sa paglalaba:** kung ang pasyente o alagang matanda ay naninirahan ng na- iisa sa bahay, maaaring isagawa ang pag- lalaba sa regular na pamamaraan. Kung ang alagang matanda or pasyente at nakatira sa bahay na kasama ang mga iba pang miyembro ng pamilya, karapatdapat na ilagay ang mga labahan sa loob ng isang plastic na sarado at labahan ito ng separado na gamit ang washing machine sa temperatura na 65 degrees.

3.2.6.5. **Pangangasiwa ng Basurahan:** ipasok sa isang selyadong plastic bag na pampasurahan at itapon sa regular na basurahan.

3.2.6.6. **Pangangalaga sa sambahayan:** maaring maglinis ng bahay na gamit ang mga regular na produktong pang- linis. Dapat iwasan ang biglaang pag alsa o pag hablot ng mga muwebles or alpombra na istante, para maiwasan ang pag kalat ng alikabok habang nag- lilinis.

Taos – puso

Itamar Groto

Deputy Director General